

# Isang sangkapat na siglo ng pagdiriwang sa mga nakatatanda ng Alberta

Agosto 28, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Ang mga nominasyon para sa 2023 na mga Parangal ng Serbisyo sa mga Nakatatanda ng Ministro (Minister's Seniors Service Awards) ay opisyal nang bukas.

Sa loob ng 25 taon, kinilala ng mga parangal na ito ang mga indibidwal, mga negosyo at mga hindi pangkalakal na organisasyon na sumusuporta sa mga nakatatanda, nangunguna sa mga pinahusay na serbisyo at nag-aambag sa malakas na mga komunidad.

“Ang mga nakatatanda sa ating lalawigan ay nararapat na mamuhay ng masiglang pamumuhay na may dignidad at paggalang. Nais naming kilalanin ang mga lokal na bayani at mga katulong na nag-aalay ng kanilang oras at lakas upang suportahan ang mga nakatatanda. Ang mga taong ito ay nasa ating mga komunidad, sa ating mga pinagtatrabahuan at kahit na sa ibabang bloke lamang. Naghahatid sila ng mga groseri, tinutulungan ang mga nakatatanda na makarating sa kanilang mga tipanan, ginagawang mas madaling marating ang ating mga komunidad at marami pang iba.”

*Jason Nixon, Ministro ng mga Serbisyo sa Nakatatanda, Komunidad at Panlipunan*

Siyam na mga parangal ang ibibigay sa mga indibidwal, mga negosyo at mga hindi pangkalakal na organisasyon. Ang mga nominasyon ay susuriin batay sa bolunterismo, pagkakawanggawa, pagbabago at pambihirang serbisyo. Ang huling araw para sa mga nominasyon ay sa Nobyembre 15. Ang mga napiling tatanggap ay ipagdiriwang sa isang in-person na seremonya sa Marso 2024.

"Ang Unison ay may kalahating siglo ng kasaysayan pagdating sa paglilingkod at pakikipagtulungan sa mga mas nakatatandang matatanda ng ating komunidad. Alam namin

kung gaano kahalaga ang mga nakatatanda sa pangkalahatang tagumpay at kagalingan ng mahusay na lalawigan ito. Lubos kaming nalulugod na ang Pamahalaan ng Alberta ay naglalaan ng oras upang kilalanin at palakpakan ang mga pambihirang nakatatanda na hinamon ang mga pagpapalagay at tunay na gumawa ng isang pagbabago sa mga buhay ng iba."

*Larry Mathieson, presidente at CEO, Unison*

"Ang mga nakatatanda ay mahalaga sa kasiglahan at kinabukasan ng ating lalawigan. Ang United Way ay malapitang nakikipagtulungan sa Pamahalaan ng Alberta sa Malusog na Pagtanda ng Alberta (Healthy Aging Alberta) - isang komunidad ng mga ahensiyang naglilingkod sa mga nakatatanda, mga kaalyado at mga nakatatanda mismo upang gawin ang Alberta na isa mga pinakamagandang lugar sa mundo para tumanda. Inaasahan namin ang pagkilala sa mga tatanggap ng parangal ngayong taon at patuloy na pakikipagtulungan tungo sa mas magandang kinabukasan para sa lahat."

*Karen Young, presidente at CEO, United Way ng Calgary at Purok*

## **Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang mga Albertan ay maaaring magsumite ng mga nominasyon sa online, sa pamamagitan ng koreo at email. Matuto ng higit pa at magmungkahi ng isang tao ngayon.
- Mula noong 1998, ipinagdiwang ng mga Parangal ng Serbisyo sa mga Nakatatanda ng Ministro (Minister's Seniors Service Awards) ang 181 mga indibidwal at mga hindi pangkalakal na organisasyon na naglilingkod sa mga nakatatanda.

## **Kaugnay na impormasyon**

- [Mga Parangal ng Serbisyo sa mga Nakatatanda ng Ministro \(Minister's Seniors Service Awards\)](#)

## **Mga katanungan sa media**

**[Heather Barlow](#)**

780-245-0421

Kalihim ng Press, mga Nakatatanda, Komunidad at mga Panlipunang Serbisyo